

Abstract

This essay is aimed at swiftly scrutinizing the incipient policies of the second Marcos administration with regard to language issues and other related matters in the midst of the pandemic and crisis which the people continue to endure. The essay also includes a discussion on the meaningful proposals that serve as “light in the darkness” for those who are still optimistic in transforming the reality (just like the hope expressed in Rivermaya’s song which became popular again in the presidential campaign of former Vice President Leni Robredo), and evidence “that not everyone slept in the long night of our forefathers” (in a scene involving Pilosopong Tasio/Tasio the Philosopher in Jose Rizal’s novel *Noli Me Tangere*) for those who are already pessimistic, given the current situation.

Keywords

Protest,
resistance,
Marcos, historical
revisionism,
human rights
abuses

English title

Philippine Language and Society in the Time of Pandemic and Crisis:
Incipient Policies of the Second Marcos Administration

WIKA AT LIPUNANG PILIPINO SA PANAHON NG PANDEMYA AT KRISIS: MGA NAMUMUONG POLISIYA NG IKALAWANG ADMINISTRASYONG MARCOS

DAVID MICHAEL M. SAN JUAN

NAGBIGAY NG MAAGANG pahiwatig si Ferdinand Marcos Jr. tungkol sa magiging patakaran pangwika ng kanyang administrasyon bago pa man ang kanyang inagurasyon. Sa isang video clip na ipinost sa YouTube page ng Manila Bulletin Online noong Hunyo 20, 2022, mapapanood ang pagtatanong ng isang reporter kay Marcos Jr.: “...According to VP

elect Sara Duterte, napag-usapan n'yo daw po na rebyuhin 'yong K to 12 program. Sir, can we get more details ano 'yong naging instruction po n'yo..." Sagot ni Marcos Jr.: "I don't want to pre-empt the VP Secretary... We did talk about that...Without getting into too much detail about what the plans are...Ang pinag-usapan lang namin basta't pagandahin... There was also the question of when we start to teach in English, when we move from the lingua franca to English?..." Sa talumpati sa kanyang inagurasyon, pinagkonekta ni Marcos Jr. (2022a) ang pagbibigay-diin sa pag-i-Ingles at ang pagpapatuloy ng patakarang pag-eeksport ng mga migranteng Pilipino o ang Labor Export Policy/LEP: "Alongside, the national language, with equal emphasis and facility in a global language, which we had and lost. Let us give OFWs all the advantages we can to survive and to thrive." Lalong naging malinaw ang maka-Ingles na direksyon ng patakarang pangwika ni Marcos Jr. (2022b) sa kanyang unang State of the Nation Address/SONA kung saan inilahad niya ang claim na ito: "Foreign employers have always favored Filipino employees because of our command of the English language. This is an advantage that we must continue to enjoy. The internet has now become the global marketplace. Not only for goods services but also for ideas, even extending to our own personal interactions. The language of the internet – for better or for worse – is English. Therefore, the question of our medium of instruction must be continuously re-examined to maintain that advantage that we have established as an English-speaking people."

Maaaring pabulaanan ng komplikadong realidad ang mga simplistikong asersiyon ni Marcos Jr. Una, hindi naman totoong ang pag-i-Ingles lang ang dahilan ng pagpabor ng mga dayuhang employer sa mga Pilipino. Maraming migranteng Pilipino kahit sa mga bansang hindi Ingles ang wika. Dapat ding isaalang-alang ang realidad na kilalang napakasipag at lagpas sa minimum na kailangan kung magtrabaho ang mga Pilipino, dagdag pa ang katotohanang mas mababa ang pasweldo sa mga migrante lalo na sa mga trabahong entry level. Gayundin, sa mga trabahong lokal sa mga BPO (Business Process Outsourcing) na konektado sa mga dayuhang kumpanya, hindi naman lahat ng trabaho ay para sa mga ahenteng nag-i-Ingles. May mga BPO na ang hinahanap ay mga ahenteng sanay mag-Español, Mandarin, at iba pang wika. Kaugnay naman ng Ingles bilang wika ng internet, hindi rin 100% totoo ang buladas ni Marcos Jr. Pagsamahin lamang ang mga internet user

na gumagamit online ng Chinese (19.3%) at Spanish (8.1%) ay taob na agad ang dami ng mga gumagamit ng Ingles online (25.4%), bagaman ayon sa datos ng W3Techs, Ingles ang “most-used language online by content” dahil 54% ng nilalaman ng internet sa daigdig ay nasa wikang ito (Devlin 2019). Kung gayon, sa simula pa lamang ay hindi na maaaring maging sandigan ng anumang mabisang patakarang pangwika ang mga asersiyon ni Marcos Jr.

Hindi na nakapagtataka ang ganoong pagbibigay-prayoridad ni Marcos Jr. sa Ingles – isang wikang ipinataw ng mga kolonisador at batay mismo sa datos ng gobyerno ay sinasalita ng mas kaunti pa sa 0.1% ng mga sambahanay o household sa Pilipinas (San Juan 2014), samakatwid ay wika ng mga pinakamayayamang pamilya sa bansa na karaniwang nakatira sa mga subdibisyong gated at todo-gwardiyado-sapagkat kabungguang-braso niya ang mga dambuhalang negosyante sa bansa gaya ng pinatutunayan sa kanyang eksklusibong victory party noong Mayo 9, 2022, sa mismong gabi ng eleksiyong 2022 (Rivas 2022).

Rebyu ng Patakarang Pangwika sa Konstitusyon 1987

Gaano man kataginting ang pag-uugnay ng patakarang pangwikang maka-Ingles sa paimbabaw na malasakit sa mga manggagawang ineeksport, mahuhubdan ng balatkayo ang polisiya kapag nirebyu ang nararapat na patakarang pangwika alinsunod sa Kontitusyon 1987. Sa Artikulo XIV, Seksyon 6 ay binibigyang-diin na pangunahing tungkulin ng gobyerno ang pagpapalakas ng wikang pambansa hindi lamang sa mismong mga transaksiyon nito, kundi lalo pa sa mga paaralan mismo: “Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino...Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.” Sa kasunod na Artikulo XIV, Seksyon 7, nilinaw na “Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino **at, hangga’t walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles.**” (sa awtor ang diin)

Makabuluhan ang paggamit ng “at” sa bahaging ito ng Konstitusyon: malinaw na maaaring alisin ang status ng Ingles bilang wikang opisyal habang hindi naman maaaring tibagin ang Filipino. Sa pagbasa sa

kaugnay na palitang-kuro nina Komisyoner Suarez, Villacorta, at Bennagen sa deliberasyon ng Constitutional Commission (1986) na bumuo ng Konstitusyong 1987, magiging mas malinawang sekundaryong status lamang ng Ingles vis-a-vis sa Filipino: “MR. SUAREZ: May we seek further clarification on the various statements provoked by the questions and inquiries of Commissioners Davide and Monsod? **As it is now formulated, there will be practically three media of instruction: one is Filipino and which I assume is the principal; second would be English as a second official language of instruction**, although in an implied manner; and the third which takes the form or character of an auxiliary medium of instruction would be the regional language. Is my understanding correct? MR. VILLACORTA: Yes... MR. BENNAGEN: Something like this can take place from Grade I up to probably Grade IV which is equivalent to the primary level. The regional language may be the primary language and Filipino or English is the auxiliary medium, and at this point English can be taught as a subject in school. And then beyond that **as the language develops, the national language can take over, with English still offered as a subject but with some variations. There might be possibilities also where Filipino already becomes the primary language with the regional language as auxiliary and English as a subject**, until such time again as the capabilities of the regions or the schools change.” (sa awtor ang diin)

Dalawang beses na tinangka ng noo'y Gabriela Partylist Rep. Liza Maza na itaguyod ang aspirasyon ng mga nagbalangkas ng Konsitusyon sa pamamagitan ng paghahain ng House Bill 1563 (Hulyo 21, 2004) at House Bill 1138 (Hulyo 16, 2007) o “Batas na Nagtatakda ng Filipino Bilang Opisyal na Wika ng Pagtuturo sa Mga Paaralan” sa panahon ng ika-13 at ika-14 na Kongreso. Gayunman, hindi sinuportahan ng mayorya sa Kongreso ang mga nasabing panukalang batas. Fast forward sa siglo 21, sa ilalim ng administrasyon ng anak ng diktador at mandarambong na pinatalsik ng sambayanan tatlumpu't anim (36) na taon na ang nakararaan (pagpapatalsik na siyang nagbunsod para mabuo ang kahit paano'y mas demokratiko at maka-karapatang pantaong Konstitusyong 1987), “*baliw na baliw*” pa rin sa pag-i-Ingles ang mga burukrata at lehislador na Pilipino (kung pahihintulutan ang paghiram sa pariralang pinauso ng isang senadora kaugnay ng diumano'y malaking badyet ng isang ahensiya para sa pananaliksik o “research”).

Kabaliwan ng Pagpupumilit na Gamiting Wikang Panturo ang Ingles: Sipat-Suri sa Mga Datos ng PISA, TIMSS, “Learning Poverty,” at Iba Pa

Sa mga datos ng mga kinikilalang global na entidad, malinaw na kabaliwan talaga ang pagpupumilit na gamiting wikang panturo ang isang wikang dayuhan na gaya ng Ingles. Halimbawa, sa Programme for International Student Assessment (PISA) 2018, “kulelat” sa pagbasa, sa Matematika, at Siyensiya ang mga estudyanteng Pilipinong edad 15. Ang sipi mula sa Country Note ng PISA para sa Pilipinas (Besa 2018) ay nagpapaliwanag kung bakit hindi maganda ang naging ranggo ng ating mga estudyante: “...expenditure per student in the Philippines was the lowest amongst all PISA-participating countries/economies...Some 94% of 15-year-old students in the Philippines speak a language other than the test language (i.e., English) at home most of the time.” Samakatwid, bukod sa dati na nating alam na kulang na kulang ang inilalaang rekursong gobyerno para sa publikong edukasyon (kaya’t kulang din ang mga guro, mga materyal-panturo, mga pasilidad, mga educational gadget, atbp.), nag-ambag din sa hindi magandang iskor ng ating mga estudyante ang pagpupumilit ng Departamento ng Edukasyon na Ingles ang gamiting wikang panturo at wika sa eksamen kahit na maaari namang kunin ang PISA sa wikang sariling atin, gaya rin ng ginawa ng maraming bansang lumahok din sa PISA, kasama na ang karamihan sa mga bansa sa Silangan at Timog-Silangang Asya at ang mayorya sa 20 bansang nanguna sa internasyonal na eksamen.

Lagapak din ang bansa sa TIMSS 2019 International Results in Mathematics and Science – pinakahuli sa 58 bansa sa Mathematics-Fourth Grade at sa Science-Fourth Grade (TIMSS & PIRLS International Study Center 2021). Ingles din ang ginamit ng Pilipinas sa TIMSS (Ebbs et al. 2019) kahit pa nga pinapayagan ng mga organisador ng TIMSS na gumamit ng salin ang mga bansa kung gusto nila. Kulelat din ang bansa sa *The State of Global Learning Poverty* na inilabas ng World Bank et al. (2022). Sa saliksik na ito, itinuturing na may mataas na “learning poverty” o kadauhulan sa pagkatuto ang mga bansa kung saan hindi natutuuhang ng mga estudyante ang mga dapat nilang matutuhan sa pagbasa ng mga tekstong akma sa kanilang edad. Bahagi ng rekomendasyon mula sa nasabing report ang mahalagang paalala rin sa mga bansang gaya ng Pilipinas na wikang dayuhan ang nangingibabaw na wikang panturo: “Prioritize teaching the fundamentals...**And children should be taught in a language that they use and understand, which is often not the case now.**”

Sa mismong *Basic Education Development Plan (BEDP) 2030* ng DepEd (2022), ipinakikita sa mga pambansang pagtataasa na mas mataas ang iskor ng mga estudyante sa Filipino kaysa sa Ingles, sa pangkalahatan: "... results available for both NAT 6 and NAT 10 show that learners perform better in Filipino than in all other subjects and it is the only subject where the mean percentages approach 'nearly proficient' (mean score range of 50–74)...At NAT 10, the performance in Araling Panlipunan (Social Studies), English, Mathematics, and Science are all within the 'low proficiency' range. Proficiency in spoken English has historically been a comparative advantage of the Filipino labor force but the results for English language proficiency are classified as 'low'." Samakatwid, malinaw na hindi maaaring gamiting wikang panturo ang Ingles. Samantala, handang-handa na ang mga estudyante na maging wikang panturo ang Filipino dahil ginagamit naman nila ito noon pa, gaya rin ng paggamit dito ng mga Pilipino sa buong bansa. Hindi naman magtatagal ng halos pitong taon sa ere si Cardo Dalisay ng *Ang Probinsyano* kung hindi Filipino ang wika ng nasabing teleserye, hindi ba?

Pandemya: Kolektibong Danas na Nagpapatibay sa Kabuluhan ng Wikang Pambansa

Higit pa sa mga estadistikang mula sa mga eksamen, mas matimbang na aral ang dapat matutuhan ng gobyerno sa kolektibong danas "sa panahon ng krisis, katulad ng pandemyang COVID-19" na "muli tayong pinaalalahanan na ang global na senaryo ay kailangan ng lokal na pagkilos para epektibong makatugon. Behikulo ang wikang Filipino ng gobyerno para gabayan ang sambayanan na maunawaan ang global na problema (pandemya, seguridad sa pagkain, pagbabago ng klima atbp.), upang sama-samang kumilos para lahat tayo ay manatiling buhay. Anuman ang sitwasyon ng bansa, damay-damay tayong lahat upang makaahon o tuluyang lumubog" (De La Salle University-Departamento ng Filipino 2022).

Praktikal na halimbawa ng bisa ng Filipino sa panahon ng pandemya ang paggamit ng Lungsod ng Quezon at ng Lungsod ng Maynila sa wikang pambansa sa mayorya ng mga anunsyo kaugnay ng pangmasang pagbabakuna naisa sa mga dahilankung bakit mabilis nilang nabakunahan ang kani-kanilang mga residente at gayundin ang mga mamamayan sa mga kanugnog-probinsya. Sa kasagsagan ng pandemya, ang pag-iisyu ng gobyerno sa wikang Ingles sa halip na sa wikang pambansa ng mga

pambansang polisiya sa lockdown at iba pang paghihigpit at limitasyon sa pagpaparoot parito ng mga tao ay malinaw na nagdulot ng kalituhan at kaguluhan sa implementasyon. Halimbawa nito ang insidente ng pagharang ng isang barangay tanod sa delivery rider na ang dala-dala'y lugaw, na ayon sa pag-intindi ng tanod sa opisyal na patakaran ay hindi raw "essential" (mahalaga) (Santos 2021) kaya't hindi maaaring payagan ang pagdedeliver ng kaawa-awang rider sa kaawa-awa ring kostumer na malamang ay nagutom sa gabing iyon. Sa paglala ng pandemya at ng ekonomikong krisis na dulot nito, hindi siya nag-iisa sa gutom gaya ng pinatunayan ng pagdami ng mga community pantry o paminggalang-bayan na libreng namimigay ng pagkaing pantawid-gutom sa ating mga kababayan (Beltran 2021). Ang mabilis na paglaganap ng kilusang bayanihan para sa pagpapakain ng kapwa Pilipino sa panahong halos wala nang maaasahang sapat na ayuda mula sa mga nakapwesto sa gobyerno, ay bunsod na rin ng bisa ng wikang pambansa sa popularisasyon ng islogang hinango sa mga pahayag ni Karl Marx na dahil isinalin sa Filipino ay mabilis na naunawaan at inangkin ng sambayanang nagdaralita man ay humuhugot ng pag-asa sa pagtutulungan at pagdadamayan: "Kumuha ayon sa kailangan, magbigay ayon sa kakayahán." Sa awitin ni Danny Fabella (2021) tungkol sa mga community pantry (pinamagatang "Awit ni Patreng") ay ramdam na ramdam ang gayong bisa ng wikang sariling atin sa pagpapahayag ng mga konseptong karugtong ng pambansang danas. Sa ipinakikita ng datos ng Social Weather Station (SWS) kaugnay ng self-rated hunger na inilabas noong Hunyo 2022, tiyak na magpapatuloy ang pangangailangan sa mga paminggalang-bayan. Ayon sa nasabing ulat, "12.2% of Filipino families, or an estimated 3.1 million, experienced involuntary hunger – being hungry and not having anything to eat – at least once in the past three months" (SWS 2022).

Rehimeng Maka-Ingles = Rehimeng Anti-Mamamayan = Rehimeng Mapanikil

Habang nagugutom ang sambayanan, todo-selebrasyon, "party-party" ang rehimeng maka-Ingles (Famatigan 2022a & 2022b; Politiko 2022) na hindi kataka-takang tila manhid sa pagdaralita g mga mamamayan sapagkat literal at piguratibong nakahiwalay sa danas ng nakararaming nagkakandakuba na sa katatrabaho at kauutang para lamang makaraos sa gitna ng patuloy na pagbilis ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin, sukdulang pati ang sardinas at pandesal ay tumaas na rin ang presyo

(Talavera 2022; Javier 2022). Pawang mga nakatira ang naghaharing uri sa mga dambuhalang mansiyon na napakataas ng pader kaya't ni hindi makikita ang daigdig ng kahirapan sa labas, lalo pa't hatid-sundo sila ng mga heavily tinted na mamahaling kotse, at Ingles ang wika nila kaya't may makasalamuha mang maralita ay ni hindi mauunawaan ang salaysay ng karukhaan kaya't paano nilang mauunawaan at/o sosolusyunan ang gayong suliraning panlipunan?

Ito rin ang rehimeng nagdesisyong gawing prayoridad sa SONA ang pagpapataw ng digital services tax na direktang makaaapekto sa mga ordinaryong konsiyumer lalo na sa sambayanang nagsa-Shopee at/o nagdyi-Gcash. Tiyak na sinadya ng rehimeng pagpili kay Benjamin Diokno bilang kalihim ng Department of Finance na ngayo'y nagsamatigas at tutol na tutol sa pagpapababa ng buwis sa kita ng masa at middle class (De Vera 2022), habang pipi naman sa at siguradong hindi babawiin ang ipinatutupad nang pagpapababa ng buwis sa mga dambuhalang korporasyon mula 30% tungong 25% na lang. Sa ganitong sistema ng pagbubuwis, higit na mas malaki pa ang porsiyento ng binabayaram buwis ng isang tipikal na propesor sa unibersidad kaysa sa porsiyento ng binabayaram buwis ng mga korporasyong pag-aari ng mga pinakamayayamang indibidwal at pamilya sa bansa. Malinaw na rehimeng anti-mamamayan sa ekonomiya ang ikalawang administrasyong Marcos, kaya't may pahiwatig na mapanikil din ito sa aspekto ng politika.

Bagaman hindi pa nakakapag-inagurasyon si Marcos Jr. nang ilabas ng National Security Council (NSC) at ng National Telecommunications Commission (NTC) ang mga atas na may petsang 06 Hunyo 2022 at 08 Hunyo 2022 na humahadlang sa pag-akses ng mga Pilipino sa 28 website na diumano'y "affiliated" at "sumusuporta" sa mga diumano'y "teroristang organisasyon," (may sipi sa Bulatlat, 2022 at tinalakay rin ni Buan, 2022) ay hindi naman siya nag-utos na bawiin ang mga nasabing atas hanggang sa panahong ito. Kasama ang mga website na nasa Filipino gaya ng Pinoy Weekly at Tagalog News, at mga website na multinggwal gaya ng Philippine Revolution Web Central (naglalathala ng "Ang Bayan," ang opisyal na pahayagan ng Communist Party of the Philippines na may bersyon sa Filipino at iba pang wika ng Pilipinas) sa mga website na nais hadlangan ng NSC at NTC. Saklaw rin ng nasabing paghadlang sa mga website ang iba pang lehitimong organisasyong pangmidya, sektoral, at multisektoral na may mahalagang papel sa lipunang Pilipino gaya ng binigyang-diin sa pahayag ng Tanggol Wika (2022): "Bulatlat is one of the

oldest, English online news outlet in the Philippines. Pinoy Weekly is one of the few Filipino online newspapers that carry on with their operations in a country where mainstream online organizations use English as their main language. These two media groups are known for their extensive coverage of people's issues which mainstream media firms tend to neglect most of the times. UMA Pilipinas and AMIHAN are legitimate farmers' and farm workers' organizations whose websites carry important statements and analyses on the peasant sector's situation – a vital service in a country where more than 1/3 of workers rely on agriculture for work. PAMALAKAYA is a fisherfolks' organization which is known for its incisive analyses on small fisherfolks' livelihood and environmental concerns – again, a vital service in a country whose coastline is the fifth longest in the world. BAYAN is the broadest, multi-sectoral progressive organization in the Philippines, which was co-founded by the great nationalist statesman Senator Lorenzo Tañada. Its website is always a must-read for local and international observers who want quick, in-depth analyses on issues that affect the Philippines and Filipinos worldwide. Monthly Review is a highly respected, Scopus-listed magazine/journal which publishes articles from a variety of progressive voices. Monthly Review's publisher also published books by the nationalist historian Renato Constantino and the nationalist economist Alejandro Lichauco. Hence, their record of long years of service to the Filipino people then and now is obvious. Counterpunch is a mainstream progressive website that posts opinion pieces on international concerns."

Habang binibusalan ang mga lehitimong organisasyong nagtataguyod sa kapakanan ng mga mamamayan, pinababayaan naman ng mga nasa poder na magpakalat ng araw-gabing demonisasyon at pagbabansag na "pulahan" o "komunista" (redtagging) o "terorista" (terrorist-tagging) sa mga aktibista at mga progresibong organisasyon ang isang midyang pag-aari ng isang pastor na kasama sa "most wanted" ng Federal Bureau of Investigation (FBI) dahil sa mga kasong "Conspiracy to Engage in Sex Trafficking by Force, Fraud and Coercion, and Sex Trafficking of Children; Sex Trafficking by Force, Fraud, and Coercion; Conspiracy; Bulk Cash Smuggling" (FBI n.d.; Rubio 2022; Corrales 2022).

Ayon sa "nagkakaisang pahayag" ng mahigit 40 organisasyong pangwika, pangkultura, at pang-edukasyon, saktong Buwan ng Wika at Kasaysayan nang ni-red tag ng tatlong host ng nasabing estasyon ang "mga aklat at mga awtor ng mga aklat na inilathala ng Komisyon sa

Wikang Filipino (KWF), dahil lamang sa diumano'y gumamit ang mga aklat na ito ng mga sangguniang sinulat ng CPP-NPA [Communist Party of the Philippines-New People's Army]” (ACT for Peace et al., 2022). Isa sa mga host nito ay dating tagapagsalita ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Malao'y naging malinaw ang source ng mga nasabing host: walang iba kundi ang ilang komisyoner ng KWF na lumagda sa Memorandum Blg. 2022-0663 (“PAGPAPATIGIL SA MGA SUBERSIBONG AKLAT NG KWF PUBLIKASYON”) at sa Resolution No. 17-8 series of 2022 (“Statement of Condemnation on the Illegal Acts of the Chairman of Komisyon sa Wikang Filipino, Arthur P. Casanova on Endorsement, Publication, and Proliferation of Subversive Books”) na ang mga sipi ay kumakalat na sa midya online (masisipat kay Cayabyab 2022) bagaman wala pang opisyal na sipi ang naka-upload sa opisyal na Facebook page o website ng KWF hanggang sa maisulat ang artikulong ito. Ayon sa nasabing memorandum, ang pagpapatigil sa publikasyon at/o distribusyon ng mga nasabing aklat ay “upang hindi tayo managot sa R.A. 11479 [The Anti-Terrorism Act of 2020] partikular sa Seksyon 9, inciting to commit terrorism.” Sa isang pahayag na ipinost sa Facebook page ng Regional Task Force ELCAC VI noong Agosto 13, 2022, opisyal na pinapurihan ng “Spokesperson for Legal Affairs” ng NTF-ELCAC ang nasabing memorandum na para sa “stoppage of the publication of and/or distribution of books that were determined to contain subversive content and/or content that are political and ideological in nature and wherein said content incites one to go against the government.”

Sa isang petisyon laban sa Anti-Terrorism Act na inihain sa Korte Suprema noong September 1, 2020 (G.R. No. 253018 o Ramon Guillermo et al. versus Rodrigo Roa Duterte et al.) – kung saan ang isa sa mga may-akda ng mga nire-red tag na aklat ng KWF ay petisyoner din – kwinestiyon na ng mga guro, manunulat, at iba pa sa akademya ang Section 9 ng batas sa pamamagitan ng paglalahad ng mga halimbawang gaya nito: “Absurd as it may sound, the Anti-Terrorism Act’s vague phrasing criminalizes even just reading out loud quotes from Jose Rizal’s “El Filibusterismo” (especially Simoun’s tirades) or from National Artist for Literature Amado V. Hernandez’ novel “Mga Ibong Mandaragit” in a public assembly, rally, or lecture. Consider Basilio and Simoun’s dialogue in El Filibusterismo’s Chapter XXXIII, for example: “ ‘Nitro-glycerin!’ murmured Basilio, stepping backward and instinctively thrusting his hands behind him.

'Nitroglycerin! Dynamite!' Beginning now to understand, he felt his hair stand on end. **'Yes, nitroglycerin!'** repeated Simoun slowly, with his cold smile and a look of delight at the glass flask. 'It's also something more than nitro-glycerin—it's concentrated tears, repressed hatred, wrongs, injustice, outrage. **It's the last resort of the weak, force against force, violence against violence...This night the most dangerous tyrants will be blown to pieces,** the irresponsible rulers that hide themselves behind God and the State, whose abuses remain unpunished because no one can bring them to justice. **This night the Philippines will hear the explosion that will convert into rubbish the formless monument whose decay I have fostered."**" (emphasis retained). Sa nabanggit na opisyal na memorandum ng KWF sa ilalim ng ikalawang administrasyong Marcos ay tila nagkatotoo na nga ang propesiya ng mga petisyoner hinggil sa paggamit ng Anti-Terrorism Act para bansagang subersibo ang alinmang librong may kahit katiting na bahid lamang ng kritisimo sa umiiral na mapagsamantala at mapang-aping sistema.

Taliwas sa mga alegasyon ng pagiging subersibo ng mga aklat, nilinaw ni Casanova (2022) na "(a)ng mga librong pinaratangang subersibo ay dumaan sa pamamagitan ng proseso ng pagsusuri ng KWF. Ang lahat ng libro ay karaniwang sumasailalim sa pagsusuri at pumasa sa KWF-Yunit ng Publikasyon, kabilang ang pagtanggap ng imprimatur/pahintulot ng dalawang (2) Full-Time na Komisyoner. Hindi ko kailanman ni-railroad o pinuwera ang publikasyon. Bukod pa rito, ang akusasyong supersibo ang mga librong ito ay mapanganib na yumuyurak sa kalayaan ng malayang pamamahayag at akademikong kalayaan." Kaugnay nito, binigyang-diin din sa nagkakaisang pahayag ng mga organisasyong tutol sa pagre-red tag sa mga nabanggit na akdang Filipino na "(i)pagpalagay mang ang aklat ay may pagsang-ayon o pakikisimpatya sa alinmang ideolohiyang politikal, ang ganoong tradisyon ng panulat na may kamalayang panlipunan ay respetado saanman sa mundo at itinuturing na mahalagang elemento sa alinmang bansang sumasandig sa demokrasya...Sa malayang pagtagisan ng mga ideya at ideolohiya sa aklat, sa loob at labas ng akademya, masusumpungan ang katotohanang tanglaw sa landas na tatahakin ng madla. Malaya ang sinumang huwag sumang-ayon sa kanila ngunit HINDI maaaring ipagbawal ang kanilang panulat at ang pagbabasa ng kanilang mga isinulat...bahagi ng akademikong kalayaan ng mga manunulat, guro, mananaliksik at ng lahat ng mga mamamayan ang pagbabasa, pagsusuri, pagsipat, pag-cite, pagsangguni at paggamit

sa KAHIT ANONG BABASAHIIN, SINUMAN ANG SUMULAT AT SINUMAN ANG NAGLATHALA” (ACT for Peace et al. 2022).

Iginiit din ng limang ni-red tag na may-akda sa kanilang pahayag (Reuel Molina Aguilera, Dexter B. Cayanes, Malou Jacob, Don Pagusara, at Rommel B. Rodriguez 2022) na ang kanilang panulat ay hindi subersyon kundi repleksyon ng karanasan ng mga mamamayang Pilipino kaya’t di dapat hadlangan sa anumang paraan: “Para saan nga ba ang panitikan? Ang pagsusulat? May danas ang mga tao; araw-araw. May magagandang danas, may hindi. Mayroon tayong mga pangarap at pinagdaanan. May mga pananagumpay, may mga kabiguan. May mga pagkakamali. May mga pagtutuwid. May mga kasalukuyang kinakaharap. Marami at masalimuot ang mga karanasan ng tao at ng lipunan. Alin man sa mga danas na iyan ay maaaring isulat. Ito ang bukal na pinagsasalukan naming lima kasama ang iba pang mga manunulat para sa aming mga akda. Ito rin ang parehong bukal ng mga kompositor ng awit at musika, ng mga pintor, eskultor, mananayaw, litratista; pati na ang mga nasa dyaryo, telebisyon, radyo, pelikula, at maging sa social media. Isinusulat ang mga iyan upang, ipagbunyi ang buhay, maitala ang mga pangyayari, at makita ang katotohanan. Nagsulat kami at lagi kaming nagsusulat ng mga danas ng kapwa Pilipino.” Batay sa sipi ng isang memorandum na may petsang 16 Agosto 2022 na diumano’y nilagdaan ng tagapangulo ng KWF, 16 ang kabuuang bilang ng mga aklat na nilathala ng KWF na “nagtataglay diumano ng subersibong nilalaman” (Baranda 2022) ayon sa ilang komisyoner ng ahensiya. Alinsunod sa nasabing memorandum, isang “Ad Hoc Review Committee” ang bubuuin ng KWF kasama ang mga kinatawan mula sa NTF-ELCAC at mga kinatawan ng mga manunulat. Tila lalong nagkapangil ang NTF-ELCAC sa ilalim ng ikalawang administrasyong Marcos batay sa gayong memorandum ng KWF.

Sa panahon ng pandemya at krisis, ang pagsulat ng realidad ay tiyak na “subersibo” nga sa alinmang gobyernong takot sa kritisimo, gaya ng pahayag sa isang digital poster na nag-viral sa Facebook (Everything’s Fine, 2022) at Twitter bilang reaksiyon sa pag-red tag sa mga may-akda ng mga aklat na nilathala ng KWF.

Ang talambuhay ng at salaysay tungkol sa mga kababayang namatay dahil sa kakulangan o kawalan ng sapat na serbisyong pangkalusugan ngayong pandemya sa ilalim ng neoliberal na sistemang pangkalusugang pinanggingibabawan ng mga pribadong korporasyon at ng pagkakamal ng tubo; ang kwento ng mga manggagawang kapos na kapos ang sweldo

dahil sa taas ng presyo ng bilihin at kawalan ng makabuluhang pagtaas ng sahod; ang mga magsasakang nabaon sa karalitaan dahil sa sadsad na presyo ng palay bunsod ng Rice Tariffication Law na ipinangakong pansamantalang ipapatigil ni Marcos Jr. noong panahon ng kampanya pero hindi pa rin tinutupad hanggang ngayon; ang mga kapamilya ng libu-libong biktima ng tokhang, ng walang habas na pamamaslang sa mga pinagbibintangang “adik” o “tulak-droga”; ang kagimbal-gimbal na danas ng toryur ng mga biktima ng Batas Militar na ngayo'y tila nabubuhay sa bangungot bunsod ng pagkahalal ng anak ng utak ng diktadura; ang mga gurong overworked pero underpaid pa rin ngunit di man lang napangakuan ng makabuluhang pagtaas ng sahod sa SONA; ang mga batang lumad na naghihintay pa rin sa muling pagbubukas ng kanilang mga paaralang ipinasara ng gobyernong nagbibintang na pugad ng “komunista” ang mga paaralang iyon; ang mga kwento ng pagsasayang ng pera ng bayan gaya ng naubos sa hindi napakinabangang bilyong-pisong bakuna o ng alingasaw ng katiwalian sa overpriced na mga kagamitang medikal at laptop na halatang may “tongpats” (patong o halagang dagdag lagpas sa katanggap-tanggap na lebel ng tubo)...“Subersibo” nga ang lahat ng ito sa mata ng mga manhid na burukrata, mga ahente ng estadong nagpapasasa sa kaban ng bayan habang nagdaralita ang nakararami, silang mga lintang walang lubay sa paghuthot sa dugo ng sambayanan. Mga kwentong maaaring magpaguho sa inaakalang matibay na moog ng mga palalong nagwagi sa mahika ng disinformasyon at panlilinlang.

Kaugnay nito, binigyang-diin sa privilege speech ni ACT Teachers Partylist Rep. France Castro noong Agosto 15, 2022, ang dahilan ng takot ng mga tirano sa mga aklat ng realidad na itinuturing nilang subersibo: “Silang mga takot sa mga tula, dula, at prosa ay walang batayan sa katotohanan, batas, at makataong asal upang patahimikin ang mga awtor at manlilikha, walang dahilan upang piringan ang mga mata ng mga taong nais yakapin ang kanilang mga salita. Ang katotohanan, ang mga takot sa mga librong nakatindig sa eskaparate ay nanginginig sa ideya ng mamamayang tumitindig—laban sa inhustisya, laban sa mga nasa poder ng kapangyarihan na gumagamit ng kasinungalingan upang lalong ilugmok ang bayan sa opresyon at kahirapan.”

Mga Panukalang Batas Para sa Wika at Bayan

Habang abala sa “party-party” ang mga nasa poder, patuloy na nagsisikhay ang mga progresibong grupong matagal na ring nire-red tag (Karapatan

2022) sa paghahain ng mga panukalang batas na nakikinig sa mga hinaing ng sambayanan at naglalayong mabago ang kapalaran ng mga mamamayan. Sa gitna ng krisis pangkalusugan na umiiral na kahit bago pa magpandemya sa forma ng napakalaking bayaring hinuhugot sa sariling bulsa (out-of-pocket payments), muling inihain nina ACT Teachers Partylist Rep. France Castro, Gabriela Women's Party Rep. Arlene Brosas, at Kabataan Partylist Rep. Raoul Dannie Manuel ang House Bill 208 (An Act Providing for a Free, Comprehensive, and Progressive, National Public Health Care System) sa araw ng inagurasyon ni Marcos Jr. Pangunahing layunin ng nasabing panukalang batas ang pagtatayo ng isang sistemang pangkalusugang ganap na popondohan sa pamamagitan ng mga umiiral na buwis – samakatwid ay serbisyon pangkalusugang libre mula sa konsultasyon hanggang operasyon, rehabilitasyon, o anupamang kinakailangan ng bawat mamamayan. Kung maisasabalikat ang panukalang ito, wala nang Pilipinong mamumulubi o maoobligang ibenta ang lahat ng ari-arian o maoobligang manghingi sa mga kapamilya, kaibigan, at sa madla mismo. Sa kasamaang-palad, wala sa 19 na “priority bills” ng ikalawang administrasyong Marcos ang anumang planong gawing libre at komprehensibo ang serbisyon pangkalusugan sa bansa (Philippine Center for Investigative Journalism 2022) – bagay na dapat sana'y naisip nang gawing prayoridad ng gobyerno sa gitna ng patuloy na nananalasang pandemya na 61,127 Pilipino na ang kinitil, as of August 18 (Google News 2022). Nangako nga ng impraestrukturang pangkalusugan si Marcos Jr. (2022b) sa kanyang unang SONA pero ano ang silbi ng mga magagarang ospital at klinika kung hindi rin naman 100% libre ang serbisyo? Bukod sa panukalang libre at serbisyon pangkalusugan, malao'y inihain din ng mga nasabing partylist sa ilalim ng Makabayani Bloc ang House Bill 1855 (The Tax Reform Act for the Masses and the Middle Class/TRAMM) na naglalayong pababain ang buwis na binabayaran ng masa at ng gitnang uri sa Pilipinas na hirap na hirap na sa taas ng presyo ng mga bilihin.

Sa araw rin ng inagurasyon ni Marcos Jr., muling inihain ng mga nasabing partylist ang Panukalang Batas Bilang 564 o “Batas na Nagtatakda ng Hindi Bababa sa Siyam (9) na Yunit ng Asignaturang Filipino at Tatlong (3) Yunit ng Asignaturang Panitikan sa Kurikulum ng Kolehiyo.” Mahalagang pagbalikwas ito sa sinuring patakarang pangwika ng ikalawang administrasyong Marcos. Mabuti at kahit paano, may panibagong kampeon ang wikang pambansa sa Senado sa katauhan ni Sen. Robin Padilla na naghain ng Senate Bill 228 (An Act Providing for the

Equal Use of Filipino and English Languages in All Government Issuances and Documents) sa araw ng pagkakatataug ng Katipunan.

Sa aktwal, ang panukalang batas na iyon ay pagpapatupad ng probisyong pangwika sa Konstitusyong 1987. Ayon sa explanatory note ng Senate Bill 228, "...one of the sentiments of our ordinary people is rooted in the difficulty or lack of understanding of the entirety of the government's acts and operations since most documents, if not all, are published in the English language...this bill proposes the mandatory publication and accessibility of the general public to government documents, including but not limited to: executive issuances, legislative documents, judicial issuances, public advisories, and international treaties, in both English and Filipino language." Magandang panimulang hakbang ito tungo sa aspirasyon ng mga nagbalangkas ng Konstitusyong 1987, lalo na sa panahong ito ng laganap na distorsyon ng kasaysayan kaugnay ng madugo, mapandambong, at mamamaslang na rekord ng diktadura, na lalong "(d)apat at marapat na wikang Filipino ang pangunahing wikang panturo sa mga paaralan ng bansa. Mas matututuhan ng mag-aaral at kababayan natin ang pagkakaiba ng katotohanan at makaisang panig na opinyon, ang katotohanan sa likod ng kasaysayan, at sandata laban sa mga huwad na balita kapag ating gagamitin ang wikang Filipino" (Unibersidad ng Pilipinas Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas 2022).

Wikang Filipino: Wika ng Sosyo-Politikal na Mobilisasyon

Mula pa sa panahong nagsimulang magplano ng himagsikang bayan sina Andres Bonifacio hanggang sa ngayong patuloy na binibigwasan ng imperyalismo, burukrata-kapitalismo, at pyudalismo ang sambayanang Pilipino, "wikang sarili ang tunay na wika ng karunungan...sapagkat sa wikang ito ay mas naipauunawa sa mga mag-aaral ang mga disiplina, at mas nagkakaunawaan dito ang masang Pilipino kaugnay ng mga isyung panlipunan, bagay na hindi magagawa sa wikang Ingles" (DLSU-Departamento ng Filipino 2022). Lagpas pa sa pagiging wika ng karunungan, Filipino ang wikang mabisa sa sosyo-politikal na mobilisasyon ng mga Pilipino, sapagkat gaya noon, ang pagpapakilos ng mga mamayahan ay laging nagsisimula sa pagmumulat at pag-oorganisa na mas mabilis at mabisang maisasabalikat kung nagtatalakayan sa mga wikang sariling atin. Sa kontekstong ito, malinaw na ang patakaran pangwikang maka-Ingles ay manigestasyon din ng pangkalahatang polisiyang politikal na naghahangad ng demobilisasyon

—ng pagpilay, paglumpo, o pagdurog pa nga sa anumang posibilidad na makapagpapalakas at makapagwawagi ang mga kilusang panlipunang naghahangad “baligtarin ang tatsulok” ayon nga sa awitin ng Buklod na kinober din ni Bamboo. Samakatwid, ang pakikibaka para sa puspusang paggamit ng wikang sarili ay laging isa sa mga mahahalagang elementong kailangan sa pagtagumpay ng anumang malawak at malapad na kilusan para sa positibong pagbabago ng lipunan tungo sa mas mapagkalinga, mas makatarungan, mas mapagmalasakit, mas demokratiko, mas malaya, at mas maunlad na Pilipinas.

Mga Sanggunian:

- ACT for Peace et al. (2022). Nagkakaisang Pahayag ng Mga Organisasyon at Departamento Laban sa Pangreredtag ng Tatlong Host ng SMNI sa Mga May-Akda ng Mga Aklat na Nilathala ng Komision sa Wikang Filipino (KWF). <https://tanggolwika.org/2022/08/11/nagkakaisang-pahayag-ng-mga-organisasyon-at-departamento-laban-sa-pangreredtag-ng-tatlong-host-ng-smni-sa-mga-may-akda-ng-mga-aklat-na-nilathala-ng-komision-sa-wikang-filipino-kwf/>
- Aguila, Reuel Molina et al. (2022). Pahayag ng limang manunulat na inakusahang subersibo ang kanilang mga libro. <https://www.facebook.com/780708339/posts/10159984430783340/?sfnsn=mo>
- Baranda, Franco. (2022). Mga umano'y subersibong aklat na nilimbag at ipinakalat ng Komision ng Wikang Filipino, ipinarerebyu ni Chairman Arthur Casanova. <https://smnинewschannel.com/mga-umanoy-subersibong-aklat-na-nilimbag-at-ipinakalat-ng-komision-ng-wikang-filipino-ipinarerebyu-ni-chairman-arthur-casanova/>
- Beltran, Michael. (2021). How a Community Pantry Sparked Movement of Mutual Aid in the Philippines. *The News Lens*. <https://international.thenewslens.com/article/149976>
- Besa, Filippo. (2018). PISA 2018 Country Note: Philippines. https://www.oecd.org/pisa/publications/PISA2018_CN_PHL.pdf
- Buan, Lian. (2022). Esperon uses anti-terror law to block websites including news site. *Rappler*. <https://www.rappler.com/nation/esperon-uses-anti-terror-law-block-access-progressive-websites-including-news-organization/>
- Bulatlat. (2022). [A Thread] Why are the powers that be so afraid of our truth-telling?. <https://twitter.com/bulatlat/status/1539390239566770178>

- Casanova, Arthur. (2022). Tugon ni Tagapangulong Arthur P. Casanova ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). <https://www.facebook.com/arthur.p.casanova/posts/10228121154644917>
- Castro, France. (2022). Pribilehiyong Talumpati ni House of Representatives Deputy Minority Leader at ACT Teachers Party-List France Castro (15 Agosto 2022) Ukol sa red-tagging at book purge na ginawa ng Komisyon sa Wikang Filipino at National Task Force to End Local Communist Armed Conflict. <https://tanggolwika.org/2022/08/15/pribilehiyong-talumpati-15-agosto-2022/>
- Castro, France et al. (2022). House Bill 208 (An Act Providing for a Free, Comprehensive, and Progressive, National Public Health Care System). https://hrep-website.s3.ap-southeast-1.amazonaws.com/legisdocs/basic_19/HB00208.pdf
- _____. (2022). Panukalang Batas Bilang 564 (Batas na Nagtatakda ng Hindi Bababa sa Siyam (9) na Yunit ng Asignaturang Filipino at Tatlong (3) Yunit ng Asignaturang Panitikan sa Kurikulum ng Kolehiyo). https://hrep-website.s3.ap-southeast-1.amazonaws.com/legisdocs/basic_19/HB00564.pdf
- _____. (2022). House Bill 1855 (The Tax Reform Act for the Masses and the Middle Class/TRAMM). https://hrep-website.s3.ap-southeast-1.amazonaws.com/legisdocs/basic_19/HB01855.pdf
- Cayabyab, Marc Jayson. (2022). As the country commemorates Buwan ng Wika.... https://twitter.com/mjaysoncayabyab/status/1557639949033537536?s=20&t=hodIH_RCeyZVzFd9aEdPw
- Constitutional Commission. (1986). R.C.C. No. 44 Thursday, July 31, 1986. *Official Gazette*. <https://www.officialgazette.gov.ph/1986/07/31/r-c-c-no-44-thursday-july-31-1986/>
- Corrales, Nestor. (2022). BBC calls out ‘Son of God’ network. *Inquirer*. <https://newsinfo.inquirer.net/1555757/bbc-calls-out-son-of-god-network>
- De La Salle University-Departamento ng Filipino. (2022). 10 Argumento/ Punto ng Departamento ng Filipino ng De La Salle University-Manila Hinggil sa Deklarasyon ng Ikalawang Administrasyong Marcos sa Ingles Bilang Tangi o Pangunahing Wikang Panturo.
- De Vera, Ben. (2022). Benjamin Diokno cold to more tax cuts under “TRAMM” proposal. *Inquirer*. <https://business.inquirer.net/352838/benjamin-diokno-cold-to-more-tax-cuts-under-tramm-proposal>

- Department of Education. (2022). *Basic Education Development Plan (BEDP) 2030.* https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2022/05/DO_S2022_024.pdf
- Devlin, Thomas Moore. (2019). What Are The Most-Used Languages On The Internet?. *Babbel Magazine.* <https://www.babbel.com/en/magazine/internet-language>
- Ebbs, David et al. (2019). Instrument Translation and Layout Verification for TIMSS 2019. https://timssandpirls.bc.edu/timss2019/methods/pdf/T19_MP_Ch5-translation-layout-verification.pdf
- Everything's Fine. (2022). What they're really telling us is that reading is a subversive act. Keep doing it. <https://www.facebook.com/everythingsfineph/photos/1394980280911495>
- Fabella, Danny. (2021). Awit ni Patreng. <https://www.facebook.com/danfabella/videos/10224429629429544>
- Famatigan, Mark Ernest. (2022a). Imelda Marcos celebrates '93th' birthday in Malacañang. *Yahoo! News.* <https://ph.news.yahoo.com/imelda-marcos-celebrates-93-th-birthday-in-malacanang-092012574.html>
- _____. (2022b). Marcos parties like it's 1999 amid 6.4% inflation. *Yahoo! News.* <https://ph.news.yahoo.com/marcos-parties-like-1999-amid-inflation-235040224.html>
- Federal Bureau of Investigation. (2022). Apollo Carreon Quiboloy. <https://www.fbi.gov/wanted/human-trafficking/apollo-carreon-quiboloy>
- Google News. (2022). Coronavirus (COVID-19) Philippines. <https://news.google.com/covid19/map?hl=en-PH&mid=%2Fm%2Fo5v8c&gl=PH&ceid=PH%3Aen>
- Guillermo, Ramon et al. (2022). G.R. No. 253018. <https://sc.judiciary.gov.ph/files/oral-arguments/252578/29-253018/petition-certiorari.pdf>
- Javier, Paige. (2022). Bakers group proposes pandesal price hike amid rising costs of raw materials. *CNN Philippines.* <https://www.cnnphilippines.com/news/2022/7/10/pandesal-price-hike-raw-materials-high-costs.html>
- Karapatan. (2022). Duterte and NTF-ELCAC's red-tagging vs Makabayan and Robredo, spate of attacks and arrests undermine integrity of elections. <https://www.karapatan.org/duterte+and+ntf+elcacs+red+tagging+vs+makabayan+and+robredo+spate+of+attacks+and+arrests+undermine+integrity+of+elections>

- Manila Bulletin Online. (2022). FULL VIDEO: President-Elect Ferdinand Marcos Jr. holds press conference | June 20, 2022. <https://www.youtube.com/watch?v=E-qiwocHNqQ>
- Marcos, Ferdinand Jr. (2022a). Full text of Ferdinand ‘Bongbong’ Marcos Jr’s inaugural address. *Philstar*. <https://www.philstar.com/headlines/2022/06/30/2192047/full-text-ferdinand-bongbong-marcos-jrs-inaugural-address>
- _____. (2022b). FULL TEXT: President Marcos’ State of the Nation Address 2022. *Rappler*. <https://www.rappler.com/nation/full-text-transcript-president-marcos-jr-state-nation-address-2022/>
- Padilla, Robin. (2022). Senate Bill 228 (An Act Providing for the Equal Use of Filipino and English Languages in All Government Issuances and Documents). http://legacy.senate.gov.ph/lis/bill_res.aspx?congress=19&q=SBN-228
- Philippine Center for Investigative Journalism. (2022). SONA 2022: Marcos’ 19 priority bills. <https://pcij.org/blog/3543/marcos-19-priority-bills>
- Politiko. (2022). Inside Sonny’s 50th ‘Top Gun’ birthday party. <https://politics.com.ph/2022/08/07/inside-sonnys-50th-aviator-birthday-party/>
- Regional Task Force ELCAC VI. (2022). The NTF-ELCAC Commends the Komisyon sa Wikang Filipino for Issuing Memorandum Blg. 2022-0663 [9 August 2022], “Pagpapatigil sa mga Subersibong Aklat ng KWF Publikasyon.” <https://www.facebook.com/RTFELCAC6/posts/pfbido2QPiSvSmc9pMfAnd9t68xQoM MAYBYJXwA4Mijs7yizYeNG9qymvoxzW7dcdwXtbl>
- Rivas, Ralf. (2022). Tycoons booze up at Marcos’ victory party. *Rappler*. <https://www.rappler.com/newsbreak/inside-track/tycoons-booze-up-marcos-jr-victory-party-may-2022/>
- Rubio, Pola. (2022). BBC calls out Quiboloy-owned network for using footage without permission. *Yahoo! News*. <https://ph.news.yahoo.com/bbc-calls-out-quiboloy-owned-network-for-using-footage-without-permission-062259120.html>
- San Juan, David Michael. (2014). Debunking PH language myths. *Inquirer*. <https://opinion.inquirer.net/77526/debunking-ph-language-myths>
- Santos, Jamil. (2021). Delivery rider ng lugaw, hinarang ng mga tanod dahil ‘non-essential’ daw ang dala nilang pagkain. *GMA News Online*. <https://www.gmanetwork.com/news/balitambayan/balita/782031/>

- delivery-rider-ng-lugaw-hinarang-ng-mga-tanod-dahil-non-essential-daw-ang-dala-nilang-pagkain/story/
- Social Weather Station. (2022). First Quarter 2022 Social Weather Survey: Hunger rises from 11.8% to 12.2%. <http://www.sws.org.ph/swsmain/artcldisppage/?artcsyscode=ART-20220606102327>
- Tanggol Wika. (2022). Statement Against Press & Internet Censorship in the Philippines. <https://tanggolwika.org/2022/06/22/statement-against-press-internet-censorship-in-the-philippines/>
- Talavera, Catherine. (2022). DTI Approves Price Hike On Sardines, Noodles. *One News*. <https://www.onenews.ph/articles/dti-approves-price-hike-on-sardines-noodles>
- TIMSS & PIRLS International Study Center. (2021). Highlights from TIMSS 2019. <https://timss2019.org/reports/>
- Unibersidad ng Pilipinas-Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. (2022). Walang Wikang Maiwan: Pahayag ng UP Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (UP-DFPP) sa Muling Pagsulong ng Ingles bilang Wikang Panturo. <https://tanggolwika.org/2022/08/03/walang-wikang-maiwan-pahayagng-up-dfpp-sa-muling-pagsulong-ng-ingles-bilang-wikang-panturo/>
- World Bank et al. (2022). *The State of Global Learning Poverty*. <https://www.worldbank.org/en/topic/education/publication/state-of-global-learning-poverty>